A photograph of a man with dark hair and glasses, wearing a light brown sweater, smiling warmly while holding a young child. The child, wearing a light blue tank top, is laughing joyfully with their mouth wide open. The background is a soft, out-of-focus light blue.

Batas sa Edukasyon ng mga Indibidwal na May Kapansanan (Individuals with Disabilities Education Act, IDEA)

Bahagi C Mga Pag-iingat sa Pamamaraan

**ANG MGA KARAPATAN MO
BILANG MAGULANG**



Washington State Department of
CHILDREN, YOUTH & FAMILIES

Minamahal na mga Pamilya,

Maligayang pagdating sa Programa ng Washington sa Maagang Suporta para sa mga Sanggol at Bata (Early Support for Infants and Toddlers, ESIT)!

Pinagsisilbihan ng ESIT ang mga karapat-dapat na bata at ang kanilang mga pamilya o tagapag-alaga mula kapanganakan hanggang sa ikatlong kaarawan ng bata.

Ang Programang ESIT ay isang kolaboratibong proseso sa pagitan ng mga pamilya, tagapag-alaga, isang Tagapag-ugnay sa mga Rekurso ng Pamilya (Family Resources Coordinator, FRC) at iba pang espesyalista na magbibigay ng suporta para matugunan ang mga natatanging pangangailangan ng bawat bata. Ang programang ito ay nakasentro sa pamilya, nang may pagtuon sa pagsasanay at pagbibigay ng mga estratehiya sa mga magulang at tagapag-alaga para suportahan ang paglaki ng kanilang anak.

Naaalala ko nang unang makatanggap ng mga serbisyo ang aking anak na babae. Ginawa namin sa parehong araw ang pagsusuri sa kaniya at ang pahintulot para sa Plano sa Isinapersonal na Serbisyo sa Pamilya (Individualized Family Service Plan, IFSP). Naaalala ko na umalis ako sa appointment nang umiikot sa isipan ko ang tungkol sa kung ano ang mangyayari, ano ang magiging hitsura ng proseso, at ano ang magiging kahulugan nito para sa aking anak na babae at ang kaniyang pagsulong.

Binabalangkas ng dokumentong ito ang sinunod na proseso para magbigay ng mga serbisyo ng ESIT sa mga bata sa Washington at isa itong mahusay na sanggunian para sa mga magulang at tagapag-alaga. Layunin ng mga pag-iingat sa pamamaraan na maipalam sa mga magulang at tagapag-alaga ang kanilang mga karapatan at mga proteksyon.

I-save ang dokumentong ito at sumangguni muli rito kung sakaling may mga tanong ka tungkol sa proseso o sa mga karapatan mo bilang magulang o tagapag-alaga.

Julie, Kapuwa Magulang



Talaan ng mga Nilalaman

INTRODUKSYON 1

Maikling pangkalahatang ideya ng Batas sa Edukasyon ng mga Indibidwal na May Kapansanan (IDEA) at ang programa ng Maagang Suporta para sa mga Sanggol at Bata (ESIT) na itinatag sa ilalim ng Bahagi C ng IDEA.

PANGKALAHATANG IDEYA SA MGA PAMAMARAAN SA PAG-IINGAT 2

Isang listahan ng iyong mga karapatan bilang magulang o tagapag-alaga ng batang tumatanggap ng mga serbisyo.

PAUNANG NAKASULAT NA ABISO 3

Isang paliwanag ng atas na dapat tumanggap ang mga magulang ng abiso ng mga panukalang pagbabago sa Plano sa Isinapersonal na Serbisyo sa Pamilya ng bata bago gawin ang gayong mga pagbabago.

PAHINTULOT NG MAGULANG 4

Isang pangkalahatang ideya kung ano ang ibig sabihin ng pahintulot ng magulang at kung kailan ito kailangan para makatanggap ng mga serbisyo ang bata.

MGA REKORD 5

Deskripsyon ng karapatan anak mo sa pagiging kompidensiyal at ang iyong karapatan bilang magulang na kumuha at repasuhin ang mga rekord ng iyong anak.

MGA PAMAMARAAN NG PAGLUTAS SA PAGTATALO 8

Ang dapat gawin kapag hindi ka sumang-ayon sa serbisyo o desisyon.

PAGPAPAGITNA 8

Paraan para makipagtulungan sa isang neutral na tao na makakasuporta sa paglutas ng problema sa loob ng team ng iyong anak.

MGA WALANG KINIKILINGANG ANGKOP NA PARAAN NG PAGDINIG 9

Formal na pamamaraan na isinasagawa ng walang kinikilingang Opisyal ng Pagdinig na maaaring gamitin kapag pinaplano ng isang pamilya na maghain ng reklamo.

MGA REKLAMO SA ADMINISTRASYON 10

Formal na proseso na maaaring itaguyod kung ang isang pamilya ay nababahala sa hindi natutugunan ang mga kahilingan ng programa.

MGA KAHALILING MAGULANG 11

Inilalarawan kapag ang indibidwal ay maaaring italaga na kumilos sa ngalan ng bata kapag ang magulang o iba pang ligal na tagapag-alaga ay hindi available at kung paano pinipili ang tao na iyon.

IMPORMASYON SA PAKIKIPAG-UGNAYAN PABALAT SA LIKOD

Kung paano maaabot ang Team ng Pang-estadong Pamunuan ng ESIT sa Kagawaran ng Mga Bata, Kabataan, at Mga Pamilya.



Introduksyon

Ano ang Batas sa Edukasyon ng mga Indibidwal na May Kapansanan at ano ang ibig sabihin nito para sa iyong anak?

Ang Batas sa Edukasyon ng mga Indibidwal na May Kapansanan (IDEA) ay isang pederal na batas na kasama ang mga probisyon para sa mga serbisyo sa maagang solusyon para sa mga kwalipikadong sanggol at bata (na may edad mula pagkapanganak - 36 na buwan) na may kapansanan at kanilang mga pamilya. Kabilang ang mga probisyong ito sa ilalim ng Bahagi C ng IDEA. Inilalarawan ang mga ito sa mga pederal na regulasyon (34 CFR Bahagi 303) at sa mga patakaran at pamamaraan ng Estado ng Washington.

Sa Washington, ang sistema ng Bahagi C ay tinatawag na programa sa Maagang Suporta para sa mga Sanggol at Bata (ESIT). Dinisenyo ang sistema para magamit ang pagkasangkot ng pamilya at matiyak ang pahintulot ng magulang sa bawat hakbang ng proseso sa maagang solusyon, magsisimula sa inisyal na pagsasangguni at pagpapatuloy sa pamamagitan ng paghahatid at paglipat ng serbisyo.

Kabilang sa programa ng ESIT ang mga pamamaraan sa pag-iingat para protektahan ang mga karapatan ng mga magulang at bata. Kailangang ipaalam sa mga magulang ang tungkol sa mga pamamaraan sa pag-iingat na ito gaya ng tinukoy sa ilalim ng mga pederal na regulasyon sa 34 CFR 303.400-438, kabilang ang mga opsyon sa resolusyon sa pagtatalo sa 34 CFR 303.430-438, para maging aktibo silang sangkot at mayroong papel ng pamumuno sa mga serbisyon ibinibigay sa kanilang anak at pamilya. Ang dokumentong ito sa mga karapatan ng magulang ay opisyal na abiso ng mga pamamaraan sa pag-iingat sa mga bata at pamilya gaya ng tinukoy sa ilalim ng mga pederal na regulasyon ng Bahagi C.

May makukuhang karagdagang impormasyon tungkol sa mga pag-iingat sa pamamaraan para sa bata at pamilya sa bawat Tagapag-ugnay sa mga Rekurso ng Pamilya (FRC) at tagapagbigay ng mga serbisyo ng maagang interbensyon.

Sa Washington, ang sistema ng Bahagi C ay tinatawag na programa sa Maagang Suporta para sa mga Sanggol at Bata (ESIT).

Ang Mga Tagapag-ugnay sa mga Rekurso ng Pamilya (mga FRC), na nakikipagtulungan sa mga pamilya, ay maaaring magmungkahi ng karagdagang materyal para makatulong sa mga pamilya na maunawaan ang kanilang mga pamamaraan sa pag-iingat sa ilalim ng Bahagi C. Maaari rin silang magmungkahi ng mga paraan na ikaw at ang iba pang miyembro ng pamilya ay makikipagtulungan sa mga propesyonal para makatulong na maabot ang mga pangangailangang pag-unlad ng anak mo.


Ang “naaangkop na mga serbisyo sa maagang solusyon” ay natutukoy sa pamamagitan ng proseso ng IFSP. Kailangang magsama ng pahayag ng IFSP sa mga partikular na serbisyo sa maagang solusyon para maabot ang mga natatanging pangangailangan ng bata at ng pamilya para makamit ang mga kinalabasang kinilala sa IFSP. Ang mga pederal na regulasyon ng Bahagi C www.govinfo.gov/content/pkg/FR-2011-09-28/pdf/2011-22783.pdf ay tinutukoy ang mga serbisyo sa maagang interbensyon bilang mga serbisyo na “dinisenyo para matugunan ang mga pangangailangan sa pag-unlad ng bawat batang kwalipikado sa ilalim ng Bahagi C at mga pangangailangan ng pamilyang nauugnay sa pagpapahusay sa pag-unlad ng bata.”

Kasama sa impormasyon sa personal na pagkakakilanlan ang:

1. Pangalan ng iyong anak, pangalan mo, o mga pangalan ng iba pang miyembro ng pamilya.
2. Ang address ng iyong anak o pamilya.
3. Personal na tumutukoy ng pagkakakilanlan gaya ng social security number mo o ng iyong anak.
4. Iba pang hindi direktang tumutukoy sa pagkakakilanlan, gaya ng petsa ng kapanganakan ng iyong anak, lugar ng kapanganakan, at pangalan ng ina noong dalaga pa siya.
5. Isang listahan ng personal na mga katangian o iba pang impormasyon na magiging dahilan para maging posible ang pagtukoy sa anak mo gamit ang makatwirang kalinawan.
6. Impormasyong hiniling ng isang tao na pinaniniwalaan ng programa sa maagang interbensyon na nakakaalam sa pagkakakilanlan ng iyong anak.

Pangkalahatang Ideya sa mga Pamamaraan sa Pag-iingat

Para sa mga layunin ng dokumentong ito, ang Magulang ay tumutukoy sa magulang sa kapanganakan ng bata, nag-ampon na magulang, ligal na tagapag-alaga, magulang na nag-foster o indibidwal na kumakatawan sa papel ng magulang sa kapanganakan o nag-ampon kung saan nakatira ang bata.



Ano ang iyong mga karapatan bilang magulang ng batang tumatanggap ng mga serbisyo ng ESIT?

Sa Programang ESIT ng Washington, ikaw, bilang magulang, ay mayroong mga sumusunod na karapatan:

- Ang karapatan sa maramihang-disiplina ng pagsusuri at pagtatasa kasunod ang pagpapaunlad ng isang Plano sa Isinapersonal na Serbisyo sa Pamilya (IFSP) sa inisyal na pagpupulong sa IFSP, sa loob ng 45 araw sa kalendaryo mula sa pagkakasangguni. Ang Maramihang-Disiplina ay tumutukoy sa pagkakasangkot ng dalawa o higit pang propesyonal na disiplina o espesyalidad. Halimbawa, Speech Language Pathologist at Special Educator.
- Ang karapatan na makatanggap ng pagsusuri, pagtatasa, pag-unlad ng IFSP, koordinasyon ng serbisyo, at mga pamamaraan sa pag-iingat nang walang binabayaran ang mga pamilya.
- Ang karapatan na makatanggap ng pagsusuri, kung hihilingin mo at magbibigay ka ng pahintulot para rito, sa anumang oras sa panahon ng proseso ng pagpili (kung ginamit).
- Kung kwalipikado sa ilalim ng Bahagi C, ang karapatan na tumanggap ng mga **naaangkop na serbisyo** para sa anak at pamilya mo gaya ng binanggit sa isang IFSP.
- Ang karapatan na tumanggi sa mga pagpili, pagsusuri, pagtatasa, at serbisyo.
- Ang karapatan na maimbitahan at lumahok sa lahat ng pagpupulong kung saan inaasahan ang paggawa ng desisyon tungkol sa pagmumungkahi na baguhin ang pagkakakilanlan, pagsusuri, o pagkakalagay ng anak mo, o ng probisyon ng mga naaangkop na serbisyo sa maagang solusyon sa anak o pamilya mo.
- Ang karapatan na tumanggap ng napapanahong nakasulat na abiso bago maimungkahi o tanggihan ang pagbabago sa pagkakakilanlan, pagsusuri, o pagkakalagay ng anak mo, o sa probisyon ng mga naaangkop na serbisyo sa maagang solusyon sa anak o pamilya mo.
- Ang karapatan na matanggap ang bawat serbisyo ng maagang na solusyon sa mga natural na kapaligiran sa hangganang naaangkop para matugunan ang mga pangangailangan ng anak mo sa pag-unlad.
- Ang karapatan sa pagpapanatili ng pagiging kompidensiyal ng **impormasyon sa personal na pagkakakilanlan**.
- Ang karapatan na makakuha ng inisyal na kopya ng rekord ng anak mo sa maagang solusyon nang walang bayad.
- Ang karapatan sa kopya ng bawat pagsusuri, pagtatasa, at IFSP na dapat ibinibigay sa iyo sa lalong madaling panahon pagkatapos ng bawat pulong ng IFSP.
- Ang karapatan na siyasatin at suriin at, kung naaangkop, baguhin ang mga rekord ng anak mo.
- Ang karapatan na humiling ng pagpapagitna at/o ng walang kinikilingang angkop na paraan ng pagdinig ng paglutas sa mga hindi pagkakasundo ng magulang/tagapagbigay. Ang karapatan sa pagsasampa ng reklamo sa administrasyon.

Bukod sa mga karapatang nabanggit sa itaas, may karapatan kang maabisuhan sa partikular na pamamaraan sa pag-iingat sa ilalim ng Bahagi C. Inilalarawan ang mga karapatang ito sa ibaba.

Paunang Nakasulat na Abiso

Paano ka aabisuhan ng mga tagapagbigay ng ESIT sa iyong anak may kinalaman sa mga pagpupulong at mga panukalang pagbabago sa mga serbisyo?

Kailangang maibigay sa iyo ang paunang nakasulat na abiso sa loob ng makatwirang panahon bago ang maimungkahi o tanggihan ng tagapagbigay ng serbisyo sa maagang solusyon na simulan o baguhin ang pagkakakilanlan, pagsusuri, o pagkakatagay ng anak mo, o ang probisyon ng mga naaangkop na serbisyo sa maagang solusyon sa anak o pamilya mo. Ang abiso ay dapat sapat na detalyado para ipaalam sa iyo ang tungkol sa:

- Aksyong iminumungkahi o tinanggihan ng kontratista ng mga serbisyo sa maagang solusyon o tagapagbigay ng serbisyo sa maagang solusyon.
- Mga dahilan sa pag-aksyon.
- Lahat ng pamamaraan sa pag-iingat na mayroon sa ilalim ng Bahagi C.
- Ang pamamagitna ng estado, reklamo ng estado, at mga pamamaraan sa angkop na paraan ng pagdinig, kabilang na ang paglalarawan kung paano magsampa ng reklamo at ang mga timeline para sa mga pamamaraang iyon.

Kailangang isulat ang abiso sa wikang naiintindihan ng pangkalahatang publiko at ibigay sa iyong sariling wika, maliban na lamang kung malinaw na hindi ito magagawa.

Kung ang sariling wika o iba pang paraan ng komunikasyon mo ay hindi wikang naisusulat, ang tagapagbigay ng serbisyo sa maagang solusyon ay dapat gawin ang mga hakbang para matiyak na:

- Ang abiso ay maisasalin nang pasalita o nang iba pang paraan sa iyo sa sariling wika o iba pang paraan ng komunikasyon mo;
- Nauunawaan mo ang abiso; at
- Mayroong nakasulat na katunayan na nakamit ang mga kinakailangan na inilarawan sa mga pamamaraang ito.

Kailangang makuha ang nakasulat na pahintulot mo bago ang:

- Pangangasiwa sa pagsusuri sa pag-unlad para matukoy kung pinaghihinalaang may kapansanan ang anak mo.
- Pagsasagawa ng lahat ng pagsusuri at pagtatasa sa anak mo.
- Pagbibigay ng mga serbisyo sa maagang solusyon sa anak mo.
- Paggamit ng mga pampublikong benepisyo o insurance o pribadong insurance para bayaran ang mga serbisyo.
- Pagbabahagi ng impormasyon sa personal na pagkakakilanlan tungkol sa iyo.

Kailangan ding makuha ang pahintulot mo bago maibigay ang paunang mga serbisyo ng maagang interbensyon.

Kung hindi ka magbibigay ng pahintulot, walang aksyong gagawin para pilitin (pwersahin) ka. Sa ibang salita, ang FRC, o ang tagapagbigay ng serbisyo sa maagang interbensyon ay maaaring hindi gamitin ang mga pamamaraan sa angkop na paraan ng pagdinig para hamunin ang pagtanggap mong magbigay ng pahintulot.



Ang **Sariling Wika**, na ginagamit para sa mga taong limitado ang kakayahan sa wikang Ingles, ay tumutukoy sa wikang karaniwang ginagamit mo. Kapag nagsasagawa ng mga pagsusuri at pagtatasa sa anak mo, ang sariling wika ay tumutukoy sa wikang karaniwang ginagamit ng anak mo. Kapag gagamitin sa taong bingi o may problema sa pandinig, bulag o may problema sa paningin, o para sa taong walang nakasulat na wika, tumutukoy ang sariling wika sa paraan ng komunikasyon na karaniwang ginagamit ng taong iyon (tulad ng sign language, Braille, o pasalitang komunikasyon).



Pahintulot ng Magulang

Ano ang pahintulot ng magulang at paano mo magagamit ang karapatan mong magpahintulot?

Nangangahulugan ang pahintulot na:

- Ganap na ipinaalam sa iyo ang lahat ng impormasyong nauugnay sa aktibidad kung saan hinihingi ang pahintulot mo, sa iyong sariling wika.
- Nauunawaan mo at sumasang-ayon ka nang nakasulat sa pagsasagawa ng aktibidad kung saan hinihingi ang pahintulot mo, at inilalarawan ng pahintulot ang aktibidad at inililista ang mga rekord ng maagang solusyon (kung mayroon man) na ilalabas at kung kanino.
- Nauunawaan mo na ang pagbibigay ng pahintulot ay boluntaryo sa bahagi mo at maaaring bawiin anumang oras.

Kapag binawi mo ang pahintulot mo, hindi ito paurong (hindi ito gagamitin sa aksyon na nangyari bago mo bawiin ang pahintulot mo).

Ang tagapagbigay ng serbisyo sa maagang interbensyon o naaangkop na kwalipikadong kawani ay dapat gumawa ng mga makatwirang pagsisikap para matiyak na ikaw ay:

- Lubos na may alam tungkol sa kalikasan ng mga pagpili, pagsusuri at pagtatasa o ng mga serbisyo na maaaring makuha.
- Nauunawaan na hindi maaaring makatanggap ang anak mo ng mga pagpili, pagsusuri at pagtatasa o mga serbisyo maliban na lamang kung naibigay ang pahintulot.

Bilang magulang ng batang kwalipikado sa ilalim ng Bahagi C, maaari mong matukoy kung tatanggap o tatanggi ang anak mo o ibang miyembro ng pamilya ng anumang (mga) serbisyo ng maagang solusyon sa ilalim ng programang ito. Maaari mo ring tanggihan ang nasabing serbisyo (maliban sa mga gawaing pang-administrasyong kinakailangan sa ilalim ng mga regulasyon ng Koordinasyon ng mga Rekurso ng Pamilya) pagkatapos ng unang pagtanggap nito nang hingi naisasaalang-alang ang ibang naunang serbisyo sa maagang solusyon sa ilalim ng programa sa ESIT.

Mga Rekord

Anong mga karapatan ang tinataglay ng mga magulang para ma-access at repasuhin ang mga rekord ng kanilang anak?

Pagiging Kompidensyal

Alinsunod sa mga pamamaraan sa pagiging kompidensyal ng impormasyon na ibinalangkas sa dokumentong ito, kailangan kang mabigyan ng pagkakataon na siyasatin at suriin ang anumang rekord na may kaugnayan sa pagpili, pagsusuri at pagtatasa, pagtukoy sa pagiging kwalipikado, pagpapa-unlad at pagpapatupad ng mga IFSP, probisyon ng mga serbisyo sa maagang solusyon, mga indibidwal na reklamo tungkol sa iyong anak, at iba pang bahagi ng programa ng Bahagi C na kinasasangkutan ng mga rekord tungkol sa anak at pamilya mo.

Bawat tagapagbigay ng serbisyo sa maagang solusyon ay dapat magbigay sa iyo ng pagkakataon na siyasatin at suriin (sa oras ng trabaho) ang anumang nakolektang rekord na nauugnay sa anak o pamilya mo, na nakuha o ginamit ng kontratista o tagapagbigay sa ilalim ng Bahagi C mula sa punto kung kailan isinangguni ang anak mo para sa mga serbisyo sa maagang solusyon hanggang sa ang kalahok na ahensiya ay hindi na kinakailangang magpanatili o wala nang pinapanatiling impormasyon sa ilalim ng naaangkop na mga Pederal at Pang-estadong batas. Ang tagapagbigay ng serbisyo sa maagang solusyon ay dapat na sumunod sa kahilingan nang walang hindi kinakailangang pagkaantala at bago ang anumang pulong tungkol sa IFSP o pagdinig na nauugnay sa pagkakakilanlan, pagsusuri, pagkakatagay, o probisyon ng mga serbisyo para sa anak at pamilya mo at, na walang kaso, hihigit sa 10 araw sa kalendaryo pagkatapos magawa ang kahilingan. Kabilang sa pagkakataon na siyasatin at suriin ang mga rekord ng maagang solusyon ang:

- Karapatan sa tugon mula sa tagapagbigay ng serbisyo sa maagang solusyon para sa makakatwirang kahilingan ng pagpapaliwanag at pagpapakahulugan sa rekord.
- Ang karapatang humiling na magbigay ang tagapagbigay ng serbisyo sa maagang solusyon ng mga rekord na naglalaman ng impormasyon, kung ang kabiguan sa pagbibigay ng mga kopyang iyon ay magdudulot ng hadlang para magamit mo ang pagkakataong masiyasat at masuri ang mga rekord.
- Ang karapatan na magkaroon ng taong kakatawan sa iyo para siyasatin at suriin ang rekord.

Ang tagapagbigay ng serbisyo sa maagang solusyon ay maaaring ipagpalagay na mayroon kang awtoridad na siyasatin at suriin ang mga rekord na may kaugnayan sa anak mo maliban na lamang kung ang kontratista o tagapagbigay ay nakatanggap ng dokumentasyon na nagsasaad na wala kang awtoridad sa ilalim ng naaangkop na batas na estado na gumagabay sa mga bagay tulad ng pangangalaga, pagfo-foster, pag-iingat, paghihiwalay, at diborsyo.

Ang bawat tagapagbigay ng serbisyo sa maagang solusyon ay dapat magtabi ng nakasulat na rekord ng mga partido na nakakakuha ng akses sa mga rekord na kinolekta, kinuha o ginamit sa ilalim ng Bahagi C (maliban sa pag-akses ng mga magulang at awtorisadong empleyado gaya ng kontratista o tagapagbigay), kabilang na ang pangalan ng partido, petsa ng pagbibigay ng akses, at layunin kung bakit nabigyan ng awtorisasyon ang partido para gamitin ang rekord ng bata.

Kung ang rekord ng maagang interbensyon ay naglalaman ng impormasyon ng higit sa isang bata, maaari mong siyasatin at suriin ang tanging impormasyong nauugnay sa anak mo, o sa iyo, o maipaalam sa iyo ang partikular na impormasyong iyon.

Ginagamit ang sumusunod na mga kahulugan sa seksyong ito:

1. Ang **“Pagwasak”** ay nangangahulugan ng pisikal na pagwasak o pagtanggap ng mga personal na tagatukoy mula sa impormasyon para matiyak na hindi na ito makakatukoy ng personal.
2. Ang **“Mga rekord ng maagang interbensyon,” “(mga) rekord ng edukasyon”** o **“(mga) rekord”** ay nangangahulugan ng lahat ng rekord na kaugnay ng batang kinakailangang kolektahin, panatilihin o gamitin sa ilalim ng Bahagi C; at
3. Ang **“Kalahok na ahensiya”** ay nangangahulugan ng anumang indibidwal, ahensiya, entidad o institusyon na kumokolekta, nagpapanatili, o gumagamit ng impormasyon sa personal na pagkakakilanlan para ipatupad ang mga kinakailangan sa Bahagi C. Kasama sa kalahok na ahensiya ang pangunahing ahensiya ng estado, ang bawat tagapagbigay ng serbisyo ng maagang interbensyon na nagbibigay ng mga serbisyo ng Bahagi C (kasama ang koordinasyon ng serbisyo, mga pagsusuri at pagtatasa at iba pang serbisyo ng Bahagi C). Hindi kabilang dito ang mga pangunahing mapagkukunan ng pagsangguni o pampubliko o pampribadong ahensiya na nagpopondo sa mga serbisyo sa maagang solusyon.

Mga Rekord

Ang bawat tagapagbigay ng serbisyo sa maagang interbensyon ay dapat na magbigay sa iyo, kapag hiniling, ng listahan ng mga uri at lugar ng mga rekord ng maagang solusyon na kinolekta, kinuha, o ginamit ng kontratista o tagapagbigay. Ang tagapagbigay ng serbisyo sa maagang solusyon ay maaaring maningil ng bayad para sa mga kopya ng rekord na ginawa para sa iyo sa ilalim ng Bahagi C kung hindi nakakahadlang para sa iyo ang paniningil na ito na magamit mo ang pagkakataon para siyasatin at suriin ang mga rekord na iyon. Gayunpaman, maaaring hindi sila maningil ng bayad para hanapin o bawiin ang impormasyon sa ilalim ng Bahagi C. Dagdag pa rito, kailangan ka ring mabigyan ng kopya nang walang bayad para sa bawat pagsusuri, pagtatasa sa bata, pagtatasa sa pamilya, at sa IFSP sa lalong madaling panahon pagkatapos ng bawat pulong sa IFSP.

Kung naniniwala kang ang mga rekord ng impormasyon sa maagang solusyon na kinolekta, kinuha, o ginamit sa ilalim ng Bahagi C ay hindi tumpak o mapanlinlang, o lumalabag sa pagkapribado o iba pang karapatan mo o ng anak mo, maaari mong hilingin sa tagapagbigay ng serbisyo sa maagang solusyon na nagpapanatili ng impormasyon na baguhin ang impormasyon.

- Ang nabanggit na kontratista o tagapagbigay ay dapat magdesisyon kung babaguhin ang impormasyon alinsunod sa kahilingan sa loob ng makatwirang tagal ng panahon pagkatapos matanggap ang kahilingan.
- Kung ang nabanggit na kontratista o tagapagbigay ay tumangging baguhin ang impormasyon ayon sa iyong kahilingan, kailangang maipalam sa iyo ang pagtangi at mapayuhan ka sa iyong karapatan para sa pagdinig.



Ang tagapagbigay ng serbisyo sa maagang interbensyon ay kailangan, kapag hiniling, na magbigay ng pagkakataon para sa pagdinig para hamunin ang impormasyon sa mga rekord sa maagang solusyon para matiyak na ito ay tumpak, hindi mapanlinlang, o kung hindi lumalabag sa pagkapribado o ibang karapatan mo at ng anak mo. Maaari kang humiling ng angkop na paraan ng pagdinig sa ilalim ng mga pamamaraan ng Bahagi C o mga pagdinig sa pamamaraan na naaalinsunod sa mga regulasyon ng Batas sa mga Karapatan at Pagkapribado ng Pamilya sa Edukasyon (Educational Rights and Privacy Act, FERPA) sa 34 CFR 99.22.

- Kung, bilang resulta ng pagdinig, nagdesisyon ang nabanggit na kontratista o tagapagbigay na ang impormasyon ay hindi tumpak, mapanlinlang, o lumalabag sa pagkapribado o ibang karapatan mo at ng anak mo, kailangan nitong baguhin nang naaayon ang impormasyon at kailangang ipaalam ito sa iyo nang nakasulat.
- Kung, bilang resulta ng pagdinig, nagdesisyon ang nabanggit na kontratista o tagapagbigay na ang impormasyon ay hindi tumpak, mapanlinlang, o lumalabag sa pagkapribado o ibang karapatan mo at ng anak mo, kailangang ipaalam sa iyo ang karapatan mo na ilagay sa mga rekord ng anak mo, ang pahayag na nagkokomento sa impormasyon, at nagpoproklama ng anumang dahilan para sa hindi pagsang-ayon sa desisyon ng kontratista o tagapagbigay.
- Anumang pagpapaliwanag na inilagay sa mga rekord ng anak mo sa ilalim ng mga pamamaraang ito ay kailangang panatilihin ng tagapagbigay ng serbisyo sa maagang solusyon bilang bahagi ng mga rekord ng anak mo sa buong panahon na ang rekord o pinagtatalunang bahagi (ang bahagi ng rekord na hindi mo sinasang-ayunan) ay pinapanatili ng nabanggit na kontratista o tagapagbigay.
- Kung ang mga rekord ng anak mo o ang pinagtatalunang bahagi ay isiniwalat ng nabanggit na kontratista o tagapagbigay sa anumang partido, kailangan ding isiwalat ang paliwanag mo sa partido.

Pahintulot Bago ang Pagsisiwalat

Kailangang makuha ang pahintulot ng magulang bago ang impormasyon sa personal na pagkakakilanlan ay:

- Isiwalat sa sinumang maliban sa mga opisyal ng kontratista o tagapagbigay sa pangongolekta, pagkuha, o paggamit ng impormasyon sa ilalim ng Bahagi C, maliban na lang kung awtorisadong gawin ito sa ilalim ng Bahagi C (34 CFR 303.414) at FERPA (34 CFR 99.31); o
- Ginamit sa anumang layunin maliban sa pagtugon sa pangangailangan sa ilalim ng Bahagi C.

Mga Rekord

Ang impormasyon mula sa rekord sa maagang interbensyon ng anak mo ay hindi maaaring ilabas ng tagapagbigay ng serbisyo sa maagang solusyon sa ibang ahensya nang wala kang pahintulot maliban na lamang kung ang kontratista o tagapagbigay ay awtorisadong gawin ito sa ilalim ng FERPA. Kung tumanggi kang magbigay ng pahintulot, magpapatupad ang tagapagbigay ng serbisyo sa maagang solusyon ng mga pamamaraan na kaugnay ng pagtanggap, tulad ng pagpapaliwanag sa iyo kung paanong makakaapekto ang hindi pagbibigay ng pahintulot sa kakayahan ng iyong anak na makatanggap ng mga serbisyo sa maagang solusyon, habang hindi mapapawalang bisa ng mga pamamaraang ito ang pagtanggap mong magbigay ng pahintulot.

Sa ilalim ng Bahagi C, kailangang ilabas ng ESIT ang pangalan at petsa ng kapanganakan ng anak mo, at ang impormasyon ng kontak mo (kabilang na ang inyong mga pangalan, tirahan, at numero ng telepono) nang walang pahintulot mo sa ahensya ng edukasyon ng estado (Opisina ng Tagapamahala ng Pampublikong Instruksyon) at ng lokal na ahensya ng edukasyon (lokal na distrito sa paaralan) kung saan nakatira ang anak mo. Kinakailangan ang impormasyong ito para kilalanin ang lahat ng batang may potensyal na maging kwalipikado para sa mga serbisyo sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA.

Kailangang ilagay ang mga sumusunod na pag-iingat para matiyak ang pagiging kompidensyal ng mga rekord:

- Ang bawat tagapagbigay ng serbisyo sa maagang solusyon ay dapat protektahan ang pagiging kompidensyal ng impormasyon sa personal na pagkakakilanlan sa mga yugto ng pangongolekta, pagkuha, pagtatabi, pagsisiwalat, at pagwasak.
- Isang opisyal ng bawat tagapagbigay ng serbisyo sa maagang solusyon ang responsable para tiyakin ang pagiging kompidensyal ng anumang impormasyon sa personal na pagkakakilanlan.
- Lahat ng taong nangongolekta o gumagamit ng impormasyon sa personal na pagkakakilanlan ay kailangang tumanggap ng pagsasanay o pagtuturo tungkol sa mga polisiya at pamamaraan ng Bahagi C ng Washington na sumusunod sa IDEA at FERPA.
- Ang bawat tagapagbigay ng serbisyo sa maagang solusyon ay dapat magpanatili, para sa pampublikong inspeksyon, ng kasalukuyang listahan ng mga pangalan at posisyon ng mga empleyado ng ahensya na may akses sa impormasyon sa personal na pagkakakilanlan.
- Kailangang ipaalam ng tagapagbigay ng serbisyo sa maagang solusyon sa mga magulang kapag ang mga impormasyon sa personal na pagkakakilanlan na kinolekta, kinuha, o ginamit ay hindi na kinakailangan para makapagbigay ng mga serbisyo sa iyong anak o pamilya sa ilalim ng Bahagi C, mga probisyon sa GEPA sa 20 USC 1232f, at EDGAR, 34 CFR mga part 76 at 80.
- Sa panahong hindi na kailangan ang impormasyon para sa pagbibigay ng serbisyo sa bata o pamilya, kailangang wasakin ang impormasyon sa kahilingan ng mga magulang.

Ang mga permanenteng rekord ng pangalan at petsa ng kapanganakan ng anak mo, impormasyon sa kontak ng magulang (kabilang na ang tirahan at numero ng telepono), pangalan ng (mga) tagapag-ugnay ng serbisyo (mga FRC), at (mga) tagapagbigay ng serbisyo sa maagang solusyon, at exit data (kabilang na ang taon at edad sa panahon ng pag-alis, at anumang programang pinasok sa pag-alis) ay maaaring panatilihin nang walang limitasyon sa oras.

Dapat na protektahan ng bawat tagapagbigay ng maagang interbensyon ang pagiging kompidensyal ng impormasyon sa personal na pagkakakilanlan at hindi nila maaaring ilabas ang mga rekord ng bata nang walang pahintulot ng magulang.

Mga Pamamaraan ng Paglutas sa Pagtatalo

Ano ang maaari mong gawin kung mayroon kang ikinababahalang tungkol sa programa o serbisyo sa maagang interbensyon na ibinibigay sa anak mo?

Kung mayroon kang pagkabahala sa programa ng anak mo sa maagang interbensyon, pakisabi ito sa FRC o IFSP team sa lalong madaling panahon. Hinihiyakat ng programa sa ESIT ang paglutas sa mga hindi pagkakaunawaan sa pinakamababang antas hangga't maaari. Gayunpaman, kung ang pagkabahala ay hindi kayang lutasin nang impormal, mayroong mga opsyon para sa paglutas sa pagtatalo.

Kung hindi ka sumasang-ayon sa tagapagbigay ng serbisyo sa maagang solusyon sa pagkilala, pagsusuri, pagkakalagay sa anak mo, o probisyon ng mga naaangkop na serbisyo sa maagang solusyon para sa anak o pamilya mo, maaari kang humiling ng napapanahong paglutas sa mga pagkabahala mo.

Ang mga sumusunod ay tatlong pormal na pamamaraan na maaari mong magamit para sa paglutas sa pagtatalo. Kabilang dito ang pagpapagitna, walang pinapanigan na angkop na paraan ng pagdinig at reklamo sa administrasyon. Puwedeng gawin ang mga ito sa anumang pagkakasunod-sunod.



Pagpapagitna

Nagbibigay ang pagpapagitna ng pagkakataon para malutas mo ang pagtatalo sa hindi-mapanlabang paraan. Ito ay boluntaryo at kailangang malayang sinang-ayunan ng magkabilang partido.

Ang pangunahing ahensya ng estado ay maaaring magtatag ng mga pamamaraan para ihandog sa mga magulang at tagapagbigay ng serbisyo sa maagang solusyon na pipiliing huwag gamitin ang proseso ng pagpapagitna ng pagkakataong magpulong, sa panahon at lugar na maginhawa para sa iyo, kasama ang walang kinikilingang partido (walang pinapanigang Tagapamagitan), na nakapailalim sa kontrata sa entidad na lumulutas ng pagtatalo, o sentro ng pagsasanay at impormasyon ng magulang o sentro ng rekursong magulang sa komunidad sa Estado, para ipaliwanag ang mga benepisyo ng, at hihikayatin ang paggamit sa, proseso ng pagpapagitna.

Ang pagpapagitna ay kailangang matapos sa itinakdang panahon kasunod ng pagtanggap ng pangunahing ahensya ng estado ng kahilingan para sa pagpapagitna at hindi maaaring gamitin para tanggihan o hadlangan ang mga karapatan mo sa walang kinikilingang angkop na paraan ng pagdinig o para tanggihan ang anuman sa iba mo pang karapatan sa ilalim ng Bahagi C.

Itataon ang pagpapagitna sa napapanahong paraan at gagawin sa lugar na maginhawa para sa magkabilang partido. Isang kwalipikadong at walang kinikilingang Tagapamagitan, na nagsanay sa mabisang diskarte sa pagpapagitna, ang magpupulong sa magkabilang partido para makatulong na humanap ng solusyon sa pagtatalo sa isang impormal, hindi mapanlabang kapaligiran.

Nagbibigay ang **pagpapagitna** ng pagkakataon para malutas mo ang pagtatalo sa hindi-mapanlabang paraan. Ito ay boluntaryo at kailangang malayang sinang-ayunan ng magkabilang partido.

Nagpapanatili ang pangunahing ahensya ng estado ng listahan ng mga kwalipikadong Tagapamagitan na walang kinikilingan na may alam sa mga batas at regulasyong may kaugnayan sa probisyon ng mga serbisyo sa maagang solusyon para sa mga sanggol at bata na may kapansanan at sa kanilang mga pamilya. Kailangang piliin ang mga Tagapamagitan nang random, paikot, o iba pang walang pinapanigang batayan. Sasagutin ng pangunahing ahensya ng estado ang gastos sa pagpapagitna kabilang na ang mga gastos sa anumang pagpupulong para hikayatin ang pagpapagitna.

Kung malulutas ang hindi pagkakasundo sa pamamagitan ng pagpapagitna, kailangang bumuo ng magkabilang partido ng ligal na kasunduan na naglalarawan ng paglutas at na nagpapahayag na lahat ng talakayan na magaganap sa panahon ng proseso ng pagpapagitna ay dapat maging kompidensyal at hindi maaaring gamiting ebidensya sa anumang susunod na angkop na paraan ng pagdinig o paglilitis-sibil. Ang kasunduan ay kailangan pirmahan mo at ng kinatawan ng pangunahing ahensya ng estado na may awtoridad para pagbuklurin ang ahensya. Ang nakasulat, pinirmahang kasunduan ay maipapatupad sa anumang korte ng estado na may karampatang kapangyarihan o sa pandistritong korte sa United States.

Hindi ka pinagbabawalan ng pagpapagitna na humiling ng walang kinikilingang angkop na paraan ng pagdinig sa anumang oras. Maaari kang magkasabay na magpasa ng kahilingan para sa pagpapagitna at para sa walang kinikilingang angkop na paraan ng pagdinig gaya ng inilarawan sa susunod na pahina.

Mga Walang Kinikilingang Angkop na Paraan ng Pagdinig

Ang walang kinikilingang angkop na paraan ng pagdinig ay isang pormal na pamamaraan na isinasagawa ng isang walang kinikilingang Opisyal sa Pagdinig at isang opsyon para sa mga pamilyang nagnanais na magsampa ng indibidwal na reklamo sa ngalan ng kanilang anak.

Ang walang kinikilingang angkop na paraan ng pagdinig ay dapat gawin, at ang nakasulat na desisyong ginawa, sa loob ng 30 araw sa kalendaryo mula nang matanggap ang kahilingan. (Ang pagpapagitna, kung susubukan, ay dapat na mangyari sa loob ng parehong 30 araw sa kalendaryo.) Itinatalaga ang mga Opisyal sa Pagdinig para magdaos ng mga pagdinig sa narapat na proseso.

Kailangang may kaalaman ang mga Opisyal sa Pagdinig tungkol sa mga probisyon ng Bahagi C at sa mga pangangailangan at mga serbisyo na mayroon para sa mga kwalipikadong bata at kanilang pamilya at gawin ang mga sumusunod na tungkulin:

- Pakinggan ang presentasyon ng mga nauugnay na impormasyon tungkol sa reklamo, suriin ang lahat ng impormasyong may kaugnayan sa mga isyu at sikapin na maabot ang napapanahong paglutas sa reklamo.
- Magbigay ng rekord ng mga pamamaraan na sagot ng estado, kabilang na ang nakasulat na desisyon.

Sa ilalim ng Bahagi C, binibigyan ka ng mga karapatang nakalista sa ibaba sa anumang walang kinikilingang angkop na paraan ng pagdinig na naipatupad sa ilalim ng mga pamamaraang ito.

- Para masamahan at mapayuhan ka ng konseho (sa sarili mong gastos) at ng mga indibidwal na may espesyal na kaalaman o pagsasanay tungkol sa mga serbisyo sa maagang solusyon para sa mga batang kwalipikado sa ilalim ng Bahagi C (sa sarili mong gastos).
- Para makapagharap ng ebidensya at harapin, tanungin, at pilitin ang pagdalo ng saksi.
- Para ipagbawal ang introduksyon ng anumang ebidensya sa pagdinig na hindi ipinaalam sa iyo nang kahit limang araw sa kalendaryo bago ang paglilitis.
- Para makakuha ng nakasulat o elektroniko (letra por letra) na pagsalin ng pagdinig nang walang gastos sa iyo.
- Para makakuha ng nakasulat na mga natuklasang katotohanan at desisyon nang walang gastos sa iyo.

Ang walang kinikilingang angkop na paraan ng pagdinig na inilarawan sa mga pamamaraang ito ay kailangang isagawa sa oras at lugar na makatwirang maginhawa para sa iyo. Hindi lalampas ng 30 araw sa kalendaryo pagkatapos matanggap ng pangunahing ahensya ng estado ang reklamo mo, kailangang gawin ang walang kinikilingang angkop na paraan ng pagdinig at ang nakasulat na desisyon ay dapat ipadala sa bawat partido. Maaaring magbigay ang Opisyal ng Pagdinig ng mga partikular na ekstensyon ng oras lampas sa 30 araw sa kahilingan ng alinmang partido. Alinmang partido na hindi nasisiyahan sa natuklasan at sa desisyon ng walang kinikilingang angkop na paraan ng pagdinig ay mayroong karapatan na magsagawa ng aksyong sibil sa pang-estado o pederal na korte.

Sa panahon ng pagkabinbin (haba ng panahon) ng anumang paglilitis na kasangkot ang reklamo sa angkop na paraan, maliban na lamang kung sumasang-ayon ka at ang tagapagbigay ng serbisyo sa maagang solusyon, patuloy na makakatanggap ang anak at pamilya mo ng mga naaangkop na serbisyo sa maagang solusyon sa kalagayang kinilala sa IFSP na pinahintulutan mo.

Kung ang reklamo ay naglalaman ng aplikasyon para sa mga inisyal na serbisyo sa ilalim ng Bahagi C, dapat mabigyan ang anak at pamilya mo ng mga serbisyong hindi kabilang sa pagtatalo.

Ang walang kinikilingang angkop na paraan ng pagdinig ay isang pormal na pamamaraan na isinasagawa ng isang walang kinikilingang Opisyal sa Pagdinig at isang opsyon para sa mga pamilyang nagnanais na magsampa ng indibidwal na reklamo sa ngalan ng kanilang anak.

Tungkol sa Mga Tagapamagitan at Mga Opisyal sa Pagdinig ...

Ang mga Tagapamagitan at mga Opisyal sa Pagdinig sa angkop na paraan ay dapat maging "walang kinikilingan." Nangangahulugan ang walang kinikilingan na ang taong itinalaga para magsilbing Tagapamagitan o Opisyal sa Pagdinig ay:

1. Hindi empleyado ng pangunahing ahensya ng estado, tagapagbigay ng serbisyo ng maagang interbensyon na nasasangkot sa pagbibigay ng mga serbisyo ng maagang interbensyon, iba pang serbisyo, o pangangalaga sa bata; at
2. Walang personal o propesyonal na interes na magiging salungat sa kaniyang layunin sa pagpapatupad ng proseso.

Ang taong magiging kwalipikado bilang Tagapamagitan o Opisyal sa Pagdinig ay hindi empleyado ng pangunahing ahensya ng estado, tagapagbigay ng serbisyo sa maagang solusyon dahil sa binabayaran ang taong ito ng ahensya o programa para ipatupad ang pagpapagitna o mga probisyon sa angkop na paraan ng pagdinig. Dapat na kasama sa **administratibong reklamo** ang pahayag na ang kahilingan sa Bahagi C ay nilabag at pahayag ng mga katotohanan kung saan nakabatay ang reklamo.

Mga Reklamo sa Administrasyon

Dagdag sa pagpapagitna at mga pamamaraan sa angkop na paraan ng pagdinig na nakalista sa itaas, ang isang indibidwal o organisasyon kabilang na iyong mga mula sa ibang estado ay maaaring magsampa ng nakasulat at pinirmahang reklamo laban sa anumang pampublikong ahensya o pribadong tagapagbigay ng serbisyo, kabilang na ang tagapagbigay ng serbisyo sa maagang solusyon na lumalabag sa kinakailangan ng programa ng Bahagi C. Malawak na ipinapalaganap ng pangunahing ahensya ng estado ang mga pamamaraan sa pagrereklamo ng estado sa mga magulang at iba pang interesadong indibidwal, kabilang na ang mga sentro sa pagsasanay at impormasyon ng magulang, ahensya sa pagtatanggol at pagtataguyod, at iba pang naaangkop na entidad.

Kailangang nakapaloob sa reklamo ang:

- Pahayag na ang pangunahing ahensya, pampublikong ahensya, o tagapagbigay ng serbisyo sa maagang solusyon ay diumano lumabag sa kinakailangan ng Bahagi C.
 - Ang mga katotohanan kung saan ibinatay ang pahayag.
 - Ang pirma at impormasyon sa kontak ng taong nagsasampa ng reklamo.
 - Kung nagsusumbong ng mga paglabag na may kinalaman sa partikular na bata:
 - Ang pangalan ng bata at ang tirahan kung saan siya nakatira.
 - Ang pangalan ng kontrata ng mga serbisyo sa maagang solusyon o tagapagbigay ng serbisyo sa maagang solusyon ng bata.
 - Paglalarawan ng kalikasan ng problema ng bata kabilang na ang mga katotohanang may kaugnayan sa problema.
 - Iminumungkahing paglutas sa problema sa hangganang nalalaman at mayroon sa panahong isinampa ang reklamo.
- Ang mga reklamo sa administrasyon ay dapat isampa at matanggap ng pangunahing ahensya ng estado sa loob ng isang (1) taon ng diumano'y paglabag.** Ang indibidwal o ahensya na nagsasampa ng reklamo ay dapat magpadala ng kopya ng reklamo sa tagapagbigay ng serbisyo sa maagang solusyon na nagsisilbi sa bata sa parehong panahon na isinampa ang reklamo sa pangunahing ahensya ng estado.

Sa oras na matanggap ng pangunahing ahensya ng estado ang reklamo, mayroon itong 60 araw sa kalendaryo para:

- Isagawa ang nagsasarili, imbestigasyon sa site, kung matutukoy ng pangunahing ahensya ng estado na kinakailangan ang imbestigasyon.
- Bigyan ng pagkakataon ang indibidwal o organisasyon na nagsasampa ng reklamo na magsumite ng dagdag na impormasyon, alinman sa pasalita o nakasulat, tungkol sa mga paratang sa reklamo.

- Bigyan ng pagkakataon ang mga ahensya/tagapagbigay na tumugon sa reklamo, kabilang na sa pagpapasya ng pangunahing ahensya, ang mungkahi sa paglutas ng reklamo at pagkakataon para sa lahat ng partido na lumahok sa pagpapagitna.
- Suriin lahat ng nauugnay na impormasyon at gumawa ng nagsasariling pagpapasya kung mayroon mang nangyaring paglabag sa kinakailangan ng Bahagi C o wala.
- Maglabas ng nakasulat na desisyon sa taong nagsampa ng reklamo na tinutugunan ang bawat paratang sa reklamo at naglalaman ng mga natuklasang katotohanan at kongklusyon pati na rin ang mga dahilan sa pinal na desisyon ng pangunahing ahensya.

Kung ang pinal na desisyon ay nagpapahiwatig na ang mga naaangkop na serbisyo ay hindi ibinigay/ibinibigay, kailangang tugunan ng pangunahing ahensya ng estado ang:

- Kabiguan na maibigay ang mga naaangkop na serbisyo, kabilang na ang mga nagwawastong aksyong naaangkop sa pangangailangan ng anak mo na paksa ng reklamo at ng pamilya mo (tulad ng mga pangkabayaranang serbisyo o pagbabayad ng pera); at
- Naaangkop na probisyon sa mga serbisyo sa hinaharap para sa lahat ng sanggol at batang may kapansanan at kanilang mga pamilya.

Kailangang ibilang ng pangunahing ahensya ng estado ang mga pamamaraan para sa mabisang pagpapatupad ng desisyon, kung kinakailangan, kabilang na ang mga aktibidad sa teknikal na tulong, negosasyon at nagwawastong aksyon para makamit ang pagsunod.

Kung may matanggap na nakasulat na reklamo na siyang paksa rin ng angkop na paraan ng pagdinig, o naglalaman ng maraming isyu, na kung saan isa o higit pa ay bahagi ng nasabing pagdinig, kailangang itabi ng pangunahing ahensya ng estado ng anumang bahagi ng reklamo na tinutugunan sa angkop na paraan ng pagdinig hanggang sa pagtatapos ng pagdinig. Gayunpaman, anumang isyu sa reklamo na hindi bahagi ng aksyon sa angkop na paraan ay dapat malutas sa loob ng panahon na 60 araw sa kalendaryo at mga pamamaraan sa reklamo na inilarawan sa dokumentong ito.

Ang mga reklamo na dati nang napagdesisyon sa walang kinikilingang angkop na paraan ng pagdinig na kasangkot ang magkabilang partido ay hindi maaaring ikonsidera sa ilalim ng pamamaraang ito. Kailangang ipaalam ng pangunahing ahensya ng estado sa nagreklamo na umiiral ang desisyon ng pagdinig.

Ang reklamo na nagpaparatang sa pagkabigo ng pampublikong ahensya o pribadong tagapagbigay ng serbisyo (kabilang na ang kontratista ng mga serbisyo sa maagang solusyon) na ipatupad ang desisyon ng angkop na paraan ay dapat lutasin ng pangunahing ahensya ng estado.

Mga Kahaliling Magulang

Sino ang nagpoprotekta sa mga karapatan ng mga bata na walang magulang o ligal na tagapag-alaga?

Ang mga karapatan ng mga kwalipikadong bata sa ilalim ng Bahagi C ay protektado kung:

- Walang makilalang magulang;
- Walang mahanap na magulang ang tagapagbigay ng serbisyo sa maagang interbensyon matapos ang mga makatwirang pagsisikap; o
- Nasa pangangalaga ng estado ng Washington ang bata sa ilalim ng mga batas ng estado.

Nakatalaga ang isang indibidwal na tumayo bilang "kahalili" ng magulang ayon sa mga pamamaraan na sumusunod.

Kabilang sa mga pamamaraang ito ang paraan para matukoy kung kailangan ng bata ng kahaliling magulang at gumawa ng makatwirang pagsisikap na magtalaga ng kahalili sa bata nang hindi hihigit sa 30 araw sa kalendaryo pagkatapos matukoy na kailangan ng bata ng kahaliling magulang.

Ginagamit ang mga sumusunod na pamantayan sa pagpili ng mga kahalili. Pinipili ang mga kahaliling magulang ng bawat tagapagbigay ng serbisyo sa maagang solusyon at kailangang matugunan ang mga sumusunod na kinakailangan:

- Walang personal o propesyonal na interes na makakagulo sa interes ng bata na kinakatawan niya.
- Mayroong kaalaman at kasanayan na magtitiyak ng sapat na representasyon sa bata.
- Hindi empleyado ng anumang ahensya ng estado; o empleyado ng sinumang taong nagbibigay ng mga serbisyo sa maagang solusyon, edukasyon, pangangalaga, o iba pang serbisyo sa bata o sa sinumang miyembro ng pamilya ng bata. Ang isang taong kwalipikado na maging kahaliling magulang sa ilalim ng mga pamamaraang ito ay hindi empleyado dahil sa siya ay binabayaran ng tagapagbigay ng serbisyo sa maagang solusyon na magsilbi bilang kahaliling magulang.

Kapag ang bata ay nasa pangangalaga ng estado ng Washington o inilagay sa pagfo-foster, ang ahensya ng tagapagbigay ng serbisyo sa maagang solusyon ay dapat na kumonsulta sa pampublikong ahensya na itinalaga sa pangangalaga ng bata.

Para sa bata na nasa pangangalaga ng estado, sa halip na italaga ng ahensya ng tagapagbigay ng serbisyo sa maagang interbensyon, ang hukom na nangangasiwa sa kaso ng bata ang maaaring magtalaga sa kahaliling magulang hangga't natutugunan ng pagpili ang pamantayan ng pagpili sa itaas.

Ang kahaliling magulang ay mayroong mga parehong karapatan gaya ng sa magulang sa lahat ng layunin sa ilalim ng Bahagi C.



Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan

Kung kailangan mo ng higit pang impormasyon tungkol sa iyong pamamaraan sa pag-iingat, makipag-ugnayan sa iyong lokal na Tagapag-ugnay sa Rekurso ng Pamilya (FRC) sa:

○

Kung ikaw ay nagpaplanong magsampa ng reklamo, humiling ng pagpapagitna at/o angkop na paraan ng pagdinig, mangyaring makipag-ugnayan sa programa ng ESIT sa:

The Washington State Department of Children, Youth & Families Early Support for Infants and Toddlers Program (Programang Maagang Suporta para sa Mga Sanggol at Musmos na Bata ng Kagawaran ng Mga Bata, Kabataan at Pamilya ng Estado ng Washington)

PO Box 40970

Olympia, Washington 98504-0970

esit@dcyf.wa.gov

www.dcyf.wa.gov/services/child-dev-support-providers/esit

Sanggunian:

Washington PAVE (Partnerships for Action, Voices for Empowerment (Pagtutulungan para sa Pag-aksyon, Tinig para sa Kalakasan))

6316 S. 12th St.

Tacoma, Washington 98465

Telepono: 1-800-572-7368

FAX: 253-566-8052

pave@wapave.org

www.wapave.org

Ipinagbabawal ang diskriminasyon sa lahat ng programa at aktibidad. Walang sinuman ang dapat mabukod batay sa lahi, kulay, relihiyon, pananampalataya, bansang pinanggalingan, kasarian, edad o kapansanan

Kung gusto mo ng mga kopya ng dokumentong ito sa alternatibong pormat o wika, mangyaring makipag-ugnayan sa Constituent Relations (Mga Ugnayan ng Nasasakupan) ng DCYF (1-800-723-4831 | 360-902-8060, ConstRelations@dcyf.wa.gov).